

“Juan Time” ng DOST umani ng suporta

Ni Aristotle P. Carandang
S&T Media Service, STII

Matagumpay na inilunsad ng DOST ang *Juan Time*, isang simulaing nagnanais na baguhin ang pananaw ng Pilipino sa kahalagahan ng oras katuwang ang mga ilang pribado at pampublikong institusyon.

“There is no better time than today in rebuilding our nation, this is Juan Time, and it is our time,” ayon kay Bise Presidente Jejomar C. Binay.

Lubhang malaki ang epekto ng palaging huli ng mga Pilipino sa pangkalahatang kalagayan ng bansa, ayon kay DOST Undersecretary Graciano P. Yumul Jr. na kumatawan kay Secretary Mario G. Montejo noong ika-23 ng Setyembre. “I would like to thank everyone especially our partners in pushing for something so important, yet one that is almost always neglected. Although we know of its importance, we seem to take it for granted. And because of this, we have been known, or have become notorious, for being late. For these reasons, it seems no one is particularly bothered by its socio-economic repercussions.”

Ang kampanyang *Juan Time* ay nagsasabing “Filipino time is being on time.”

Para sa DOST ang *Juan Time* ay bahagi ng programang **Changing the Mindset** na itinatulak ng Science and Technology Information Institute ng DOST (DOST-STII). Umaasa ang lahat na sa pamamagitan ng inisyatibang ito, makakamit ang mithiing pagpapakilala ng **Philippine**



Si Bise Presidente Jejomar C. Binay habang iwinawasto ang kanyang orasan alinsunod sa Philippine Standard Time. Kasama rin sa larawan sina DOST Secretary Mario G. Montejo (Gitna) at Hans T. Sy ng SM Prime Holdings. (Kuha ni Henry De Leon, S&T Media Service, STII)

Standard Time (PST) sa mga sangay ng pamahalaan at maging sa pribadong sektor. Ninanais din nito na mabuksan ang kamalayan ng bawat Pilipino sa kahalagan ng oras.

Ayon pa rin sa mga naglunsad ng *Juan Time*, ito ay higit pa sa pagkakarapareho ng oras ng bawat isa dahil ninanais nitong mabago ang pagtingin ng mga Pilipino sa pagbibigay ng halaga sa oras, isang bagay na tila hindi nabibigyang halaga. Ipinakilala rin ng DOST na ang Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA) ang opisyal na naghahawak ng PST sa pamamagitan ng Rubidium Atomic Clock nito. Samantala, ang Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI) ang opisyal na taga-

sundan sa pahina 3

Ika-60 kumbensyon ng PHILAAS, matagumpay na idinaos

Ni Ma. Luisa Lumioan
S&T Media Service, STII

Matagumpay ang ika-60 kumbensyon ng **Philippine Association for the Advancement of Science (PHILAAS)** na ginanap noong Setyembre 13-14, 2011 sa **Manila Hotel**. Tinalakay ang mga isyung may kinalaman sa **Food Security, Biodiversity, Energy Security, at Research Integrity na pawang naka-angkla sa temang “Global Networking to Meet Global Challenges.”**

Nagbigay ng mensahe si DOST Secretary Mario Montejo sa mga dumalo sa kumbensyon na kinabibilangan ng mga siyentista, guro, estudyante at mamamahayag. Ayon kay Sec. Montejo, napapanahon ang tema ng PHILAAS

sa taong ito dahil ang pakikipag-ugnayan sa nasyunal at internasyunal na antas ang natatanging paraan upang tugunan ang mga kinakaharap na hamon sa kasalukuyan.

Sina Dr. Leonardo A. Gonzales ng SIKAP/Strive (Samahang Itinataguyod ang Kakayahang Angkin sa Pag-unlad) Foundation, Dr. Joebert D. Toledo ng Southeast Asian Fisheries Development Center at Dr. Gerald Barry ng International Rice Research Institute ang nagbahagi ng kanilang mga kaalaman kaugnay ng Food Security. Tinalakay nila ang papel ng Agham at Teknolohiya sa

sundan sa pahina 2

Nilalaman

DOST patuloy ang laban sa dengue **p. 2**

Tamis ng tagumpay mula sa suman sa lihiya **p. 3**

Energy audit team ng DOST, sertipikado ng AEMAS **p. 4**

LarawaNews **p. 4**

DOST patuloy ang laban sa dengue

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, STII

Pinaigting ng Department of Science and Technology ang laban nito sa dengue sa pamamagitan ng iba't ibang proyekto para sa nakamamatay na virus.

Ibinahagi ni Dir. Raymund E. Liboro, tagapagsalita ng DOST, sa Dengue Summit na ginanap sa DOST Central Office ang kasalukuyang estado ng dengue sa mga rehiyon. Ayon kay Dir. Liboro, "ang teknolohiyang nagsimula lamang upang puksain ang dengue ay isa na ngayong malaking programa ng DOST." Idinagdag din ni G. Liboro na ilulunsad ng DOST sa mga darating na buwan ang iba't ibang mga proyektong may kinalaman sa dengue tulad ng early warning system at posibleng gamot mula sa mga halaman.

Maliban sa pagbabahagi ng mga Ovicidal Larvicidal trap (OL) trap sa mga paaralan at piling baranggay, ang DOST ay may pag-aaral ukol sa trans-ovarial transmission ng *Aedes aegypti* na pangungunahan ng University of San Carlos sa Cebu kasama ang Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD). Ayon kay DOST-PCHRD Executive Director Jaime C. Montoya, "Ito ay isang napaka-interesanteng pag-aaral sapagkat ang mga lamok ay maaaring maipasa ang virus sa kanyang mga anak kahit hindi ito nakakagat ng taong mayroon nito."

Ibinahagi rin ni Dr. Montoya na ang proyektong Dengue Early Warning System o DEWS ay naglalayong magmonitor at makapagbigay ng prediksiyon kung anong rehiyon sa bansa ang may posibilidad na magkaroon ng outbreak. Katulong ng DOST ang Integrated Vector Control Consortium ng Colorado State University sa paggawa ng computer software. Ang software na isang Dengue Decision Support System ay kayang makapagbigay ng prediksiyon ng pagkakaroon ng dengue mula sa baranggay hanggang sa antas ng rehiyon sa pamamagitan ng historical at prospective data mula sa ilang mga surveillance instrument gaya ng OL trap na sumusukat ng dami ng lamok sa isang lugar.

Ibinahagi rin ni Dir. Montoya ang pagkakaroon ng field based rapid diagnostic test kit para sa dengue. Ang test kit na ito ay tulad

Ika-6o...

Mula sa pahina 1

pagpapaunlad ng agrikultura upang tugunan ang lumalaking pangangailangan sa pagkain.

Ibinahagi naman nina Dr. Angel C. Alcala ng Siliman University, Dr. Edwino S. Fernando ng College of Forestry and Natural Resources, University of the Philippines Los Baños (UPLB) at ni Dr. Perry S. Ong ng Institute of Biology, University of the Philippines Diliman ang kanilang kaalaman kaugnay ng Biodiversity. Binigyang-diin nila ang kahalagahan ng pagpapanatili ng biodiversity nang sa gayon ay matamasa ng mga tao ang kapakinabangan mula dito.

Sina Ginoong Antonio Gimenez ng Clean Energy Generation (Clenergen) Philippines Corporation, Prof. Jing-Tang-Yang ng National

Taiwan University at Ferenc Laszlo Toth ng International Atomic Energy Agency ang mga naging tagapagsalita kaugnay ng Energy Security. Ibinahagi nila ang mga alternatibong pagkukunan ng enerhiya na tutugon sa papalaking pangangailangan dito at sa climate change, kabilang na ang biomass, solar energy at nuclear energy.

Para sa Research Integrity, sina Fr. Norberto M. Castillo ng University of Santo Tomas (UST), Dr. Jaime C. Montoya ng Philippine Council for Health Research and Development-Department of Science and Technology (DOST-PCHRD) at Dr. Dolores A. Ramirez, isang National Scientist ang nagbahagi ng kanilang mga kaalaman. Binigyang-diin nila ang



Hawak ni G. Teddy Amante ng DOST-STII ang Mosquito OL Trap na isa sa mga posibleng solusyon laban sa dengue. (Kuha ni Joy M. Lazcano, S&T Media Service, STII)

ng isang dipstick method na kung saan ang isang papel ay nagbabago ng kulay kapag ito ay ibinabad sa likidong mula sa katawan ng tao. Sa pamamagitan nito ay maaari ng malaman kung ang isang tao ay mayroong dengue at kung ano ang serotype nito sa loob lamang ng isang oras. Ang serotype ay ang iba't ibang strain ng dengue at ito ay tinatawag na DENV-1, DENV-2, DENV-3 at DENV-4 o dengue 1 hanggang 4.

Dagdag pa ni Dir. Montoya na kakailanganin ng patuloy na programa laban sa dengue upang mabawasan ang mga taong nabibiktima nito sa mga darating na panahon. Ang ilan sa mga pag-aaral ay ang posibleng gamot mula sa mga halaman gaya ng tawa tawa, papaya, tanglad, luyang dilaw, ampalaya, oregano, banaba, at kamote.

kahalagahan ng pagpapanatili ng integridad ng mga siyentipikong pag-aaral at pagsunod sa mga ethics ng mga siyentista.

Pinarangalan din ng PHILAAS ng Gregorio Y. Zara Awards ang mga natatanging mga siyentista para sa kanilang kontribusyon sa pagpapayabong ng agham at teknolohiya sa bansa. Tinanggap ni Dr. Angel C. Alcala, direktor ng Siliman University- Commission on Higher Education Zonal Research Center at Chairman ng Siliman University-Angelo King Center for Research and Environmental Management ang parangal para sa kategoryang Basic Science Research. Si Dr. Maria Natalia R. Dimaano, propesor sa Department of Engineering ng UST at coordinator ng Industry and Academe Linkage Program,

UST Faculty of Engineering ang tumanggap ng parangal para sa Applied Science Research.

Nagkaroon din ng patimpalak para sa mga pinakamahuhusay na kalahok sa Poster Presentation na ineksibit sa kumbensiyon. Nakuha nina Allan A. Devanadera, Irene G. Pajares at Fidel Rey P. Nayve Jr. ng National Institute of Molecular Biology and Biotechnology, UPLB ang unang gantimpala para sa kanilang Ethanol Fermentation Ability of Indigenous Yeast Strains on Sweet Sorghum Syrup in Batch Bioreactor System. Ang ikalawang gantimpala ay nakuha nina Johnry S. Malones, Irene G. Pajares at Francisco B. Elegado na mula rin sa UPLB. Ang ikatlong gantimpala ay nakamit nina Alan Rodelle M. Salcedo at Fortunato B. Sevilla III ng UST.

Tamis ng tagumpay mula sa suman sa lihiya

Ni Arjay Escondo
S&T Media Service, STII



www.skyscrapercity.com

Ang suman sa lihiya.

Gawa mula sa malagkit na niluto sa lihiya, binalot sa dahon ng saging at binudburan ng kinayod na niyog, malinamnam ang kakaning sariling atin na kung tawagin ay suman sa lihiya.

Ang suman sa lihiya at coco jam ang nagpasikat sa Merl's Native Delicacies na gumagawa nito mula pa noong taong 2000; dalawang pinakasikat na kakanin at pasalubong mula sa Calapan City, Oriental

Aristotle P. Carandang

Editor-In-Chief

Joy M. Lazcano

Layout/Graphics

Mario B. Buarao

Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

Mindoro. Ang kumpanyang ito ay nasa pagmamay-ari at pamamahala nina Mr. Ferdinand Bolus at asawang si Merlita o mas kilala sa tawag na Merl. Nagsimulang gumawa ng suman ang mag-asawang Bolus bilang alternatibong pagkakakitaan noong panahon na mahina ang kanilang negosyong ready-to-wear at damitan. Ayon kay G. Ferdie, nagsimula lamang ito bilang isang libangan na ibinebenta sa kanilang tindahan ng damit.

Sa halos 11 taon, ang Merl's Native Delicacies ay naging kilala hindi lamang sa probinsya kundi maging sa Maynila at CALABARZON. Sa paglaki ng pangangailangan sa produkto, nakapagtayo na ang Merl's ng walong sangay sa Calapan City, at pasalubong outlet sa Calapan City Port. Binabalak rin nila na magtayo sa ibang pang malalaking bayan gaya ng Pinamalayan at Roxas, maging sa mga popular na tourist areas sa bansa.

"Juan Time" ...

Mula sa pahina 1

calibrate ng ating orasan.

Sa pagpapasinaya ng *Juan Time* noong ika-23 ng Setyembre sa SM Mall of Asia, kabahagi ang DOST-PAGASA; Metro Manila Development Authority (MMDA); SM Supermall; Team Manila; Lamoian Corporation; Nido Science Discovery Center; Timex; Discovery Channel; at DOST-STII. Itinanghal dito ang press conference at mini-fashion show para sa commemorative T-shirt ng *Juan Time* na iminodelo ng mga Miss Earth Beauties. Ang socialite na si Tessa Prieto Valdes ang

Noong 2009, umaabot na sa 30,000 pirasong suman at 900 garapon ng coco jam kada buwan ang kinakailangan magawa ng kumpanya. Ngunit dahil sa limitasyon sa kagamitan, hindi nito matugunan ang demand ng kanilang mga regular na kliyente para sa kanilang produkto. At sa kanilang paghahanap ng paraan upang matugunan ang limitasyon, nabigyan sila ng Php 65,000.00 para sa label design mula sa DOST-MIMAROPA sa pamamagitan ng DOST-Oriental Mindoro GIA Project para sa "Innovative Packaging of Selected Food Products." Ito ay upang mapalakas ang kanilang market competitiveness. Sumailalim din sila sa Food Safety Training ng DOST-MIMAROPA noong 2010.

Bukod pa rito, tumanggap rin ang Merl's ng innovation system support mula sa DOST, na nagkakahalaga ng Php780,000.00. Mayroon ding tulong teknikal sa mula sa Small Enterprises Technology Upgrading Program (SETUP) para sa equipment upgrading alinsunod sa Good Manufacturing Practices at Food Safety Standards.

Dahil dito, tumaaas ang kanilang produksyon ng 250% o mula 800 pirasong suman at 30 garapon ay naging 2,800 pirasong suman at 75 na garapon ng coco jam. Sa pagtaas ng kanilang produksyon nakapaglagay na rin sila ng iba't ibang outlet sa kalapit probinsya at maging sa NCR tulad ng mga outlet sa SM-MOA Hypermart, Amira's Buko Tart House sa Tagaytay City, Elisha's Food Products sa Quezon City, Disdak sa Greenhills, San Juan City, at Market! Market!.

Ang Merl's Native Delicacy ay kasalukuyang tumanggap ng libreng konsulta para sa pagpapataas ng produksyon sa pamamagitan ng Manufacturing and Productivity Extension (MPEX) Program katulad ng pagkakaroon ng plant layout, list of equipment line at production accessories, at maging firm-based training on GMP para sa mga trabahador mula sa Technology Application and Promotion Institute ng DOST.

nagsilbing guro ng palatuntunan na dinaluhan din ng ilang taga-showbiz at mamamahayag.

Noong ika-30 ng Setyembre 2011, sa Music Hall ng Mall of Asia, binuksan sa lahat ang isang higitang Timex watch na nagpapakita ng tamang eksaktong oras ng Pilipinas na siyang Philippine Standard Time. Pinangunahan ang pagtitipon nina Bise Presidente Jejomar Binay at DOST Secretary Montejo.

Si Jim Paredes ng pamosong APO Hiking Society ang nagsilbing tagapagpakilala.

Energy audit team ng DOST, sertipikado ng AEMAS

Ni Arjay C. Escondo
S&T Media Service, STII

Apat na miyembro mula sa DOST Central Visayas Energy Audit Team ang tumanggap kamakailan ng ASEAN Energy Management Scheme (AEMAS) Energy Manager Certification – ang kaunang regional certification system para sa mga energy manager at end-user.

Tumanggap ng AEMAS certificate sina Engr. Edilberto Paradela, Engr. Juan Edgar Osorio, Engr. Roberto Edra at Engr. Jose Mari Bigornia sa pagbubukas ng ASEAN Energy Management Scheme noong August 26 sa Makati City. Nakamit ang nasabing sertipikasyon matapos ang tatlong araw mula sa AEMAS certified-trainers at pagkakaroon ng 90% na score sa isang classroom-type test, ayon sa pagpapatupad ng AEMAS. Iginawad ang sertipikasyon nina Christopher G. Zamora, Acting Director of ASEAN Centre for Energy at Ernesto J. Casis, AEMAS Director in the Philippines.

Bilang sertipikadong Energy Managers, sila ay may kakayahan nang magpatupad ng 'sustainable energy management system'



Ang mga miyembro ng Central Visayas Energy Audit Team at mga kinatawan ng ASEAN Energy Management Scheme (AEMAS). [Larawan mula sa DOST Regional Office VII]

base sa ISO 50001, at pagkakaroon ng karagdagang benepisyo upang magkaroon ng measurable energy savings at carbon dioxide (CO2) emission reductions. Sa pamamagitan ng AEMAS certificate, may pagkakataon ang kanilang kumpanya o opisina na makakuha ng Energy Management Gold Standard (EMGS) certification mula rin sa AEMAS.

Binanggit ni Engr. Paradela na ang sertipikasyon ay maipagmamalaki natin. Inaasahan ding dadaan pa silang muli sa iba

pang mga pagsasanay para mapayabong ang kakayahan na maihahambing sa iba pang bansang ASEAN na matagal nang nagsasagawa ng energy efficiency and conservation measures.

Sa pamamagitan Switch-Asia Program na pinopondahan ng European Union, ang AEMAS ay kasalukuyang ipinapatupad ng ASEAN Center for Energy sa walong kasaping bansa gaya ng Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Philippines, Thailand, at Vietnam.

LarawaNews



Ipinaliliwanag ni DOST Secretary Mario G. Montejo (gitna), tampok sa nakaraang Kapihan sa Diamond Hotel, ang detalye at ang mga positibong maidudulot ng government broadband network (GBN) sa bansa tulad ng pagpapabilis ng pagdeliber ng social service ng pamahalaan. Kasama sa larawan ay ang mga beteranong mamamahayag na sina Jimmy Gil at Rolly Estabillo. (Kuha ni Joy M. Lazcano, S&T Media Service, STII)